# TEKNOLOHIYA: TULONG O PAGSIRA

*by:*
**Jelly B. Villa**

Maraming pagkakataon na naipamalas, na mas dumadali at bumibilis ang isang gawain o trabaho kapag may tumutulong upang matapos ito sa oras na itinakda. Hindi maikakaila na mas gumaganda ang isang proyekto ng isang organisasyon o grupo kapag sama-samang at tulong-tulong itong ginagawa.

Ayon sa ating mga ninuno, "Walang taong nakapag-iisa" katulad din sa nabanggit sa isang kanta" Walang Sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang," patunay lamang na dumadali at bumibilis ang isang gawain kapag ito ay ginagawa ng sama-sama.

Sa kasulukuyan, ang paggawa ng isang gawain ay mas napapadali kung ito ay tutulungan ng isang makina o teknolohiya. Ginagawa na rin nito ang kayang gawin ng tao. Katulad ng pagluluto, paghuhugas ng mga pinggan at kubyertos. Masnakakaabot sa tamang oras ang isang gawain kapag ito ay may tulong mula sa ibang bagay o tao.

Pagdating sa pag-aaral, napapadali ang pagtutuos ng isip kapag may tulong mula sa Internet. Mas napapadali ang paghahanap ng mga bagay na kailangan sa pag-aaral. Kaya mula na rin sa Departamento ng Edukasyon sa pangunguna ng ICT sa Dibisyon, nagbibigay at ipinapagamit ang mga makabagong gadyet tulad ng Laptop, PC at Tablet upang makatulong sa pagtawid ng mga mag-aaral sa inaasam at hinahangad na karunungan. Sa asignaturang Araling Panlipunan, mas napapadali na maipakita ang Istorya ng Pananakop ng mga Kanluraning Bansa, gamit ang 4D Animation. Higit na naaaliw at natututo ang isang mag-aaral ayon sa mga pag-aaral ng mga dalubhasa kapag may pantulong na teknolohiya.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Subalit sa kabila ng ipinapakitang kagandahan sa paggamit ng teknolohiya, mayroon din itong Disadvantage lalo na kapag sobra na o hindi na tama ang gamit. Nawawala ang atensiyon at Focus ng isang Mag-aaral kapag hindi tama ang paggamit nito. Kaya bago ipagamit ito, ipinapaliwanag Do's and Don'ts upang hindi makasagabal ang paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral.

*References:*

Drilon, B. (2010), Pananagutan, [Video], Youtube,
https://www.youtube.com/watch?v=4JzeYYLpV-0

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan